ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# SALINAYAN: PAGPAPALAWIG NG KASANAYAN SA PAGSASALING-WIKA TUNGO SA KAALAMANG GRAMATIKAL

**Maria Catherine Joy Orilla Solmoro**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri ang bisa ng Salinayan: Pagpapalawig ng Kasanayan sa Pagsasaling-Wika Tungo sa Kaalamang Gramatikal ng mga mag-aaral. Sinagot nito ang mga sumusunod na layunin: antas ng paggamit ng Salinayan; antas ng pagsasaling-wika; antas ng pagpapalawig ng kasanayan; antas ng kaalamang gramatikal; antas ng performans ng mga mag-aaral batay sa iskor; makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika sa pagpapalawig ng kasanayan; makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika sa kaalamang gramatikal; at makabuluhang epekto ng paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika sa performans ng mga mag-aaral.*

*Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa apatnapu't limang (45) piling mag-aaral ng Magdalena Integrated National High School mula sa GAS-Rizal at GAS-Bonifacio sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento ng pananaliksik. Ginamit ang frequency, percentage, mean, at standard deviation, habang Pearson Correlation at Regression Analysis naman upang matukoy ang kaugnayan at epekto ng mga baryabol.*

*Ipinakita sa pag-aaral na mataas ang antas ng paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika bilang kagamitang pampagkatuto. Mataas din ang antas ng Paggamit ng Salinayan, Pagsasaling-wika, Pagpapalawig ng Kasanayan at Kaaalamang Gramatikal. Natuklasan din na may makabuluhang kaugnayan ang Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Pagpapalawig ng Kasanayan at Kaalamang Gramatikal. Samantala, ipinakita rin sa resulta na may makabuluhang epekto ang Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa performans ng mga mag-aaral batay sa kanilang iskor.*

*Lumabas na may makabuluhang ugnayan ang paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika sa pagpapalawig ng kasanayan at kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral kung kaya't hindi tinatanggap ang mga haypotesis. Samantala, may makabuluhang epekto ang paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika sa kanilang akademikong pagganap kung kaya't hindi rin tinatanggap ang haypotesis hinggil sa performans ng mga mag-aaral dahil napatunayang, na nangangahulugang epektibo itong nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng kanilang performans sa kontekstong sinuri.*

*Batay sa natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng Salinayan bilang alternatibo at makabagong kagamitang pampagtuturo upang higit na mapalawak ang kasanayan sa pagsasaling-wika at kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral. Inirerekomenda rin ang pagbuo ng higit pang mga gawaing pagsasalin at interaktibong pagsasanay upang malinang ang kanilang kahusayan sa wastong paggamit ng wikang Filipino.*

**SUSING SALITA***: Pagsasaling-wika, Salinayan, Pagpapalawig ng Kasanayan, Kaalamang Gramatikal*

## 1. PANIMULA

Ang wika ay nagsisilbing pangunahing instrumento ng tao sa mabisang komunikasyon, pagpapahayag ng kaisipan, at pagbuo ng ugnayan sa lipunan. Isa sa mahahalagang pundasyon ng wika ang kaalamang gramatikal, na tumutukoy sa kakayahan ng isang indibidwal na maunawaan at magamit nang wasto ang mga tuntunin ng gramatika upang makabuo ng malinaw, organisado, at makabuluhang mensahe.

Saklaw nito ang tamang paggamit ng mga bahagi ng pananalita, estruktura ng pangungusap, at wastong pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya. Gayunpaman, sa mga sitwasyong may pagkakaiba-iba ng wika, nagiging hamon ang epektibong komunikasyon dahil sa suliranin sa pag-unawa, kahulugan, at estruktura ng mensahe. Sa ganitong konteksto ayon kay Nida (2018), umuusbong ang kahalagahan ng pagsasaling-wika bilang isang masalimuot na proseso na hindi lamang nakatuon sa tuwirang paglilipat ng salita mula sa isang wika patungo sa iba, kundi isinasaalang-alang din ang wastong gramatika, semantika, at kontekstong kultural ng pinagmulan at target na wika.

Sa kabila ng kahalagahan ng kaalamang gramatikal, kapansin-pansin na may ilang mag-aaral ang patuloy na nahihirapan sa wastong paggamit ng gramatika, na nagiging hadlang sa kanilang akademikong pagganap at epektibong komunikasyon. Ang suliraning ito ay maaaring maiugnay sa kakulangan ng sapat na pagsasanay at hindi lubos na napapakinabangan ang mga estratehiyang tulad ng pagsasaling-wika sa loob ng silid-aralan. Dahil dito, isinagawa ang pananaliksik na ito upang siyasatin ang ugnayan ng kasanayan sa pagsasaling-wika at antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy kung paano nakatutulong ang pagsasaling-wika sa pagpapalawak ng kaalamang gramatikal, makapagbigay ng kongkretong batayan sa pagbuo ng mga kagamitang panturo, at makapagpanukala ng mga estratehiyang makatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa wika. Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa epektibong komunikasyon sa pamamagitan ng mas malalim na pag-unawa at paggamit ng gramatika sa konteksto ng pagsasaling-wika.

*1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin at suriin ang Pagpapalawig Ng Kasanayan Sa Pagsasaling-Wika Tungo Sa Kaalamang Gramatikal.

Layunin nitong makahanap ng kasagutan sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Paggamit ng Salinayan batay sa;
   1.1 Introduksyon;
   1.2 Layunin;
   1.3 Nilalaman;
   1.4 Pagkakabuo ng Materyal;
   1.5 Pagkakalahad ng Impormasyon; at
   1.6 Pagsasanay?
2. Ano ang antas ng Pagsasaling-wika batay sa;
   2.1 Sansalita-bawat-sansalita;
   2.2 Literal;
   2.3 Malaya;
   2.4 Idyomatikong Salin; at
   2.5 Matapat?
3. Ano ang antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan batay sa;
   3.1 Kaalaman sa Pagsasalin;
   3.2 Pagsasalin ng Teksto;
   3.3 Katumpakan ng Salin;
   3.4 Pagkamalikhain; at
   3.5 Kahalagahang Semantiko?
4. Ano ang antas ng Kaalamang Gramatikal batay sa;
   4.1 Pagbabaybay ng Hiram na Salita;
   4.2 Paggamit ng Hiram na Salita;
   4.3 Estilo sa Pagsulat;
   4.4 Estruktura ng Pangungusap; at
   4.5 Estruktura ng Wika?
5. Ano ang antas ng Performans ng mga mag-aaral batay sa Iskor?
6. May makabuluhang kaugnayan ba ang Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Pagpapalawig ng Kasanayan?
7. May makabuluhang kaugnayan ba ang Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Kaalamang Gramatikal?
8. May makabuluhang epekto ba ang Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Performans ng mga mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa apatnapu't limang (45) piling mag-aaral ng Magdalena Integrated National High School mula sa GAS-Rizal at GAS-Bonifacio sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento ng pananaliksik. Ginamit ang frequency, percentage, mean, at standard deviation, habang Pearson Correlation at Regression Analysis naman upang matukoy ang kaugnayan at epekto ng mga baryabol.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglahad ng presentasyon, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa isinagawang pag-aaral na naglayong tasahin ang epekto ng Salinayan bilang estratehiya sa pagpapalawig ng kasanayan sa pagsasaling-wika tungo sa paglinang ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral sa Senior High School. Tinukoy at sinuri sa pag-aaral ang antas ng paggamit ng Salinayan bilang kasangkapan sa pagtuturo upang matukoy kung paano nito natutulungan ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa wastong pagsasalin at paggamit ng mga tuntuning gramatikal sa Filipino.

Kasama rin sa pagsusuri ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika batay sa kanilang kakayahang umunawa sa orihinal na teksto, wastong pagpili ng katumbas na salita, at maayos na pagbuo ng pangungusap na naaayon sa tuntuning panggramatika ng wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, natukoy kung paano nakatulong ang paggamit ng Salinayan sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral na maisalin nang malinaw, wasto, at may kahulugan ang mga ideya mula sa isang wika patungo sa iba.

**Antas ng Paggamit ng Salinayan**

Sa bahaging ito, ang mga talahanayan ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Introduksyon, Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Layunin, Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Nilalaman, Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Pagkakabuo ng Materyal, Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Pagkakalahad ng Impormasyon, Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Pagsasanay at Pinagsamang Talahanayan ng Paggamit ng Salinayan.

**Talahanayan 1**

*Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Introduksyon*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan at malinaw ang Introduksyon sa Salinayan.fkabanaa* | 4.27 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakahihikayat ang introduksyon ng Salinayan na matutunan ang pagsasaling-wika.* | 4.27 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapaliwanag ng introduksyon ang kahalagahan ng pagsasaling-wika.* | 4.24 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naangkop sa antas ng mga mag-aaral ang Introduksyon ng Salinayan* | 4.27 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay ng sapat na ideya ang introduksyon tungkol sa pagsasaling-wika.* | 4.31 | 0.76 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.27 | | |
| *SD* | 0.69 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Salinayan ayon sa Introduksyon. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation,* at mga puna.

Ipinapakita sa talahanayan ang pagtataya ng mga mag-aaral sa Introduksyon ng Salinayan bilang bahagi ng kagamitang panturo sa pagsasaling-wika. Batay sa resulta, nakapagbibigay ng sapat na ideya ang introduksyon tungkol sa pagsasaling-wika na may (M=4.31) at (SD=0.76), na may katumbas na interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malinaw na nailalahad ng introduksyon ang mahahalagang konsepto na kailangang maunawaan ng mga mag-aaral bago simulan ang gawain sa pagsasaling-wika.

Samantala, Nauunawaan at malinaw ang Introduksyon sa Salinayan, Nakahihikayat ang introduksyon ng Salinayan na matutunan ang pagsasaling-wika, at Naangkop sa antas ng mga mag-aaral ang Introduksyon ng Salinayan ay kapwa nakakuha ng (M=4.27), na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na ang introduksyon ay malinaw, nakaaakit, at angkop sa kakayahan at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Senior High School. Habang, naipaliliwanag ng introduksyon ang kahalagahan ng pagsasaling-wika ay may (M=4.24) at (SD=0.71), na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na naipapaunawa sa mga mag-aaral ang kabuluhan ng pagsasaling-wika bilang isang mahalagang kasanayan sa pag-aaral ng wika.

Sa kabuuan, ang weighted mean na 4.27 at standard deviation na 0.69 ay may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig nito na ang introduksyon ng Salinayan ay epektibo sa pagbibigay ng malinaw na kaalaman, paghikayat sa mga mag-aaral na matutunan ang pagsasaling-wika, at paghahanda sa kanila sa mga susunod na gawain na may kaugnayan sa pagpapalawak ng kanilang kaalamang gramatikal.

**Talahanayan 2**

*Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Layunin*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Natatalakay nang maayos sa mga mag-aaral ang layunin ng Salinayan.* | 4.40 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutugma sa paksa ng pagsasaling-wika ang mga layunin ng Salinayan.* | 4.29 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakamit ng mga mag-aaral ang layunin ng Salinayan.* | 4.29 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasaad nang malinaw ang mga layunin ng Salinayan.* | 4.27 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalin ang mga layunin.* | 4.42 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.33 | | |
| *SD* | 0.72 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Mahihinuha mula sa talahanayan ang antas ng Salinayan bilang kagamitang panturo sa Pagsasaling-wika batay sa mga layunin nito. Ipinapakita rin sa talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna mula sa mga tagatugon.

Nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalin ang mga layunin ang may pinakamataas na mean na (M=4.42) na may (SD=0.66) at may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malinaw na nakapokus ang mga layunin ng Salinayan sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Sinundan naman ito ng Natatalakay nang maayos sa mga mag-aaral ang layunin ng Salinayan na may (M=4.40) at (SD=0.75) na nagpapakita rin ng Lubos na pagsang-ayon ng mga tagatugon, na nangangahulugang malinaw na naipapaliwanag sa mga mag-aaral ang mga layunin ng kagamitang ito.

Samantala, Nakatutugma sa paksa ng pagsasaling-wika ang mga layunin ng Salinayan at Nakakamit ng mga mag-aaral ang layunin ng Salinayan ay parehong nagtamo ng (M=4.29) na may (SD=0.82) at (SD=0.73) na may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita nito na ang mga layunin ay hindi lamang naaayon sa paksa kundi nagiging gabay din upang makamit ng mga mag-aaral ang inaasahang kasanayan sa pagsasalin. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng Nakasaad nang malinaw ang mga layunin ng Salinayan na may (M=4.27) at (SD=0.81), nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na malinaw pa ring nauunawaan ng mga tagatugon ang pagkakalahad ng mga layunin.

Ang kabuuang resulta ay nagtamo ng weighted mean na 4.33, standard deviation na 0.72, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang Salinayan ay isang lubhang mabisang kagamitang panturo batay sa mga layunin nito. Ipinahihiwatig ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon na ang mga layunin ng Salinayan ay malinaw na nailalahad, naaayon sa paksa ng pagsasaling-wika, at epektibong nakatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalin. Dahil dito, maituturing na mahalagang bahagi ang malinaw at angkop na mga layunin sa pagiging matagumpay ng isang kagamitang panturo na naglalayong mapaunlad ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsasaling-wika.

**Talahanayan 3**

*Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Nilalaman*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Napag-aaralan ng sapat ang pagsasaling-wika base sa nilalaman ng Salinayan.* | 4.20 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang pagsasaling-wika sa tulong ng nilalaman ng Salinayan.* | 4.13 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapanahon ang mga halimbawa sa Salinayan.* | 4.31 | 0.84 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaangkop at madaling sundan ang mga halimbawa sa Salinayan.* | 4.36 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Napahahalagahan ang nilalaman sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalin.* | 4.22 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.24 | | |
| *SD* | 0.80 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ibinahagi mula sa talahanayan ang antas ng Salinayan bilang kagamitang panturo sa Pagsasaling-wika batay sa nilalaman nito. Ipinapakita rin sa talahanayan ang mga pahayag, mean, standard deviation, at mga puna mula sa mga tagatugon.

Makikita na Naaangkop at madaling sundan ang mga halimbawa sa Salinayan ang may pinakamataas na mean na (M=4.36) na may (SD=0.85) at may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malinaw at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga halimbawang nakapaloob sa Salinayan, kaya't nagiging gabay ito sa kanilang pagkatuto sa pagsasaling-wika. Sinundan naman ito ng Napapanahon ang mga halimbawa sa Salinayan na may (M=4.31) at (SD=0.84) na nagpapakita rin ng Lubos na pagsang-ayon ng mga tagatugon, na nangangahulugang ang mga halimbawa ay angkop sa kasalukuyang panahon at mas nagiging makabuluhan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Samantala, Napahahalagahan ang nilalaman sa paglinang ng kasanayan sa pagsasalin ay nagtamo ng (M=4.22) at (SD=0.68) na may punang Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na nakatutulong ang nilalaman ng Salinayan sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Gayundin, ang Napag-aaralan ng sapat ang pagsasaling-wika base sa nilalaman ng Salinayan ay may (M=4.20) at (SD=0.73) na may parehong puna na Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na sapat ang impormasyong nakapaloob sa kagamitang ito upang matalakay ang mga konsepto ng pagsasalin.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Naipaliliwanag ang pagsasaling-wika sa tulong ng nilalaman ng Salinayan na may (M=4.13) at (SD=0.73), nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na epektibo pa rin ang nilalaman ng Salinayan sa pagpapaliwanag ng mga konsepto sa pagsasaling-wika.

Ang kabuuang resulta ay nagtamo ng weighted mean na 4.24, standard deviation na 0.80, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang nilalaman ng Salinayan ay lubhang mabisa bilang kagamitang panturo sa pagsasaling-wika. Ipinahihiwatig ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon na ang nilalaman at mga halimbawang nakapaloob dito ay napapanahon, angkop, at madaling sundan. Dahil dito, nagiging epektibong gabay ang Salinayan sa paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsasaling-wika.

**Talahanayan 4**

*Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Pagkakabuo ng Materyal*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi ng Salinayan.* | 4.24 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamamalas ang lohikal na daloy ng mga paksa sa materyal.* | 4.16 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusundan ang estruktura ng Salinayan sa madaling paraan.* | 4.16 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpahuhusay sa pagkatuto ang disenyo ng materyal.* | 4.18 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasusunod sa pamantayang akademiko ang estruktura ng Salinayan* | 4.22 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.19 | | |
| *SD* | 0.77 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Inilahad mula sa talahanayan ang pagtataya ng mga tagatugon sa Salinayan bilang kagamitang panturo batay sa pagkakaayos ng materyal. Inilalahad sa talahanayan ang iba't ibang pahayag kaugnay ng organisasyon ng nilalaman, kalakip ang mean, standard deviation, at mga puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Nakaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga bahagi ng Salinayan ang may pinakamataas na mean na (M=4.24) na may (SD=0.74) at may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na maayos ang organisasyon ng mga bahagi ng materyal, kaya nagiging malinaw ang presentasyon ng mga aralin para sa mga mag-aaral. Nakasusunod sa pamantayang akademiko ang estruktura ng Salinayan na may (M=4.22) at (SD=0.79), na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga tagatugon. Ipinakikita nito na ang pagkakabuo ng materyal ay naaayon sa inaasahang pamantayan sa akademikong pagsulat at pag-oorganisa ng nilalaman.

Samantala, Nakapagpapahusay sa pagkatuto ang disenyo ng materyal ay nagtamo ng (M=4.18) at (SD=0.78) na may punang Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na ang paraan ng pagkakaayos ng Salinayan ay nakatutulong sa mas maayos na pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Gayundin, Naipamamalas ang lohikal na daloy ng mga paksa sa materyal at Nasusundan ang estruktura ng Salinayan sa madaling paraan ay kapwa nagtamo ng (M=4.16) na may (SD=0.82) at (SD=0.85). Bagama't ito ang may pinakamababang mean sa hanay, nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na malinaw at sistematiko pa rin ang daloy ng mga paksa sa kabuuan ng materyal.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtamo ng weighted mean na 4.19, standard deviation na 0.77, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa ayon sa pagtataya ng mga tagatugon.

Ipinakikita ng pangkalahatang resulta na ang estruktura ng Salinayan ay maituturing na maayos at epektibong organisado bilang kagamitang panturo sa pagsasaling-wika. Ang malinaw na pagkakasunod-sunod ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

mga bahagi, lohikal na daloy ng mga paksa, at pagsunod sa pamantayang akademiko ay nakatutulong upang maging mas sistematiko at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konseptong tinatalakay sa materyal. Dahil dito, nagiging mahalagang salik ang maayos na estruktura sa pagpapalalim ng pagkatuto at paglinang ng kasanayan sa pagsasaling-wika.

**Talahanayan 5**

*Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Pagkakalahad ng Impormasyon*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipapaliwanag nang maayos ang mga konsepto sa Salinayan.* | 4.38 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapahayag nang simple at direkta ang impormasyon.* | 4.29 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan agad ang mga ideyang ipinapahayag.* | 4.18 | 0.91 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay ng sapat na halimbawa sa bawat paliwanag.* | 4.24 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapaglalahad ng impormasyon para sa epektibong pagkatuto.* | 4.31 | 0.92 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.28 | | |
| *SD* | 0.87 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ayon sa talahanayan ang pagtataya ng mga tagatugon sa Salinayan bilang kagamitang panturo batay sa pagkakalahad ng impormasyon. Ipinakikita sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na may kaugnayan sa kalinawan ng presentasyon ng mga konsepto, kasama ang mean, standard deviation, at mga puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Naipapaliwanag nang maayos ang mga konsepto sa Salinayan ang may pinakamataas na mean na (M=4.38) na may (SD=0.89) at may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malinaw at maayos na nailalahad sa materyal ang mga konsepto ng pagsasaling-wika, kaya nagiging mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Sinundan ito ng, Nakapaglalahad ng impormasyon para sa epektibong pagkatuto na may (M=4.31) at (SD=0.92), na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon. Ipinapakita nito na ang paraan ng paglalahad ng impormasyon sa Salinayan ay nakatutulong upang maging makabuluhan at produktibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Samantala, Naipapahayag nang simple at direkta ang impormasyon ay nagtamo ng (M=4.29) at (SD=0.87) na may punang Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang wika at paraan ng pagpapaliwanag sa materyal ay malinaw at madaling sundan. Gayundin, Nakapagbibigay ng sapat na halimbawa sa bawat paliwanag ay may (M=4.24) at (SD=0.88) na nagpapakita na ang paggamit ng mga halimbawa ay nakatutulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konseptong tinatalakay.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng Naiintindihan agad ang mga ideyang ipinapahayag na may (M=4.18) at (SD=0.91), nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na ang mga ideyang nakapaloob sa Salinayan ay malinaw pa ring naipahahayag at nauunawaan ng mga tagatugon.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtamo ng weighted mean na 4.28, standard deviation na 0.87, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa ayon sa mga tagatugon.

Batay sa pangkalahatang resulta, maituturing na mabisa ang paraan ng pagpapaliwanag at paglalahad ng impormasyon sa Salinayan. Ang malinaw na presentasyon ng mga konsepto, paggamit ng payak na wika, at pagbibigay ng mga halimbawa ay nagiging mahalagang salik upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin sa pagsasaling-wika. Dahil dito, nagiging kapaki-pakinabang ang Salinayan bilang materyal na sumusuporta sa mas malinaw at makabuluhang proseso ng pagkatuto.

**Talahanayan 6**

*Antas ng Paggamit ng Salinayan ayon sa Pagsasanay*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakasusuporta sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika ang mga pagsasanay sa Salinayan.* | 4.42 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusundan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay sa Salinayan dahil may malinaw itong panuto.* | 4.31 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral ang antas ng hirap ng mga pagsasanay.* | 4.42 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalarawan ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng pagsasalin sa tulong ng mga pagsasanay sa Salinayan.* | 4.24 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalawak ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay sa Salinayan.* | 4.38 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.36 | | |
| *SD* | 0.74 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Makikita mula sa talahanayan ang pagtataya ng mga tagatugon sa Salinayan bilang kagamitang panturo batay sa mga pagsasanay na nakapaloob dito. Ipinakikita sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na tumutukoy sa kahusayan ng mga gawaing ibinigay sa mga mag-aaral, kalakip ang mean, standard deviation, at mga puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Nakasusuporta sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika ang mga pagsasanay sa

Salinayan at Nakaaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral ang antas ng hirap ng mga pagsasanay ay parehong nagtamo ng pinakamataas na mean na (M=4.42) na may (SD=0.66) at (SD=0.72), na may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga pagsasanay na nakapaloob sa Salinayan ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasaling-wika at ang antas ng kahirapan ng mga ito ay naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Sinundan ito ng Nakapagpapalawak ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay sa Salinayan na may (M=4.38) at (SD=0.89) na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon. Ipinapakita nito na hindi lamang kasanayan sa pagsasalin ang napauunlad kundi maging ang kaalaman ng mga mag-aaral sa gramatika. Samantala, Nasusundan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay sa Salinayan dahil may malinaw itong panuto ay nagtamo ng (M=4.31) at (SD=0.82) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang mga tagubilin sa bawat gawain ay malinaw at madaling sundin.

Bagama't bahagyang mas mababa ang Nailalarawan ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng pagsasalin sa tulong ng mga pagsasanay sa Salinayan na may (M=4.24) at (SD=0.77), nananatili pa rin itong may punang Lubos na sumasang-ayon, na nagpapakita na nakatutulong pa rin ang mga gawaing ibinigay upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang uri ng pagsasalin.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtamo ng weighted mean na 4.36, standard deviation na 0.74, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa ayon sa mga tagatugon.

Batay sa pangkalahatang resulta, ipinakikita na ang mga pagsasanay sa Salinayan ay may malaking ambag sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Ang malinaw na panuto, angkop na antas ng kahirapan, at mga gawaing nakatuon sa pagpapalawak ng kaalamang pangwika ay nagiging mahalagang salik upang maging makabuluhan at kapaki-pakinabang ang paggamit ng Salinayan bilang kagamitang panturo.

**Antas ng Pagsasaling-wika**

Sa bahaging ito, ang mga talahanayan ay nagpapakita ng Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Sansalita-bawat-sansalita, Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Literal, Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Malaya, Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Idyomatikong Salin, Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Matapat, at Pinagsamang Talahanayan ng Pagsasaling-wika.

**Talahanayan 7**

*Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Sansalita-bawat-sansalita*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ng mga mag-aaral kung kailan angkop gamitin ang ganitong uri ng pagsasalin.* | 4.42 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang Salinayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa sansalita-bawat-sansalita na pagsasalin.* | 4.29 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalawak ng kaalaman ang mga halimbawa sa wastong pagsasalin ng salita-sa-salita.* | 4.33 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitatama ang mga pagkakamali ng mga mag-aaral sa ganitong uri ng pagsasalin.* | 4.24 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibibigay ang malinaw na paliwanag tungkol sa sansalita-bawat-sansalita na pagsasalin.* | 4.38 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.33 | | |
| *SD* | 0.70 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Mula sa talahanayan makikita ang pagtataya ng mga tagatugon sa Salinayan batay sa pagiging kapaki-pakinabang nito sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa sansalita-bawat-sansalita na pagsasalin. Ipinakikita sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na may kaugnayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ganitong uri ng pagsasalin, kasama ang mean, standard deviation, at mga puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Nauunawaan ng mga mag-aaral kung kailan angkop gamitin ang ganitong uri ng pagsasalin ang may pinakamataas na mean na (M=4.42) na may (SD=0.66) at may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na sa tulong ng Salinayan ay nagiging malinaw sa mga mag-aaral kung kailan dapat gamitin ang paraang sansalita-bawat-sansalita sa pagsasalin. Sinundan naman ito ng Naibibigay ang malinaw na paliwanag tungkol sa sansalita-bawat-sansalita na pagsasalin na may (M=4.38) at (SD=0.89), na nagpapakita na ang mga konseptong may kaugnayan sa ganitong uri ng pagsasalin ay naipapaliwanag nang maayos sa materyal.

Samantala, Nakapagpapalawak ng kaalaman ang mga halimbawa sa wastong pagsasalin ng salita-sa-salita ay nagtamo ng (M=4.33) at (SD=0.74) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita nito na ang mga halimbawang nakapaloob sa Salinayan ay nakatutulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang wastong paraan ng pagsasalin. Gayundin, Nakatutulong ang Salinayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa sansalita-bawat-sansalita na pagsasalin ay may (M=4.29) at (SD=0.63) na nagpapakita na nagiging mabisang gabay ang materyal sa pagpapaliwanag ng ganitong uri ng pagsasalin.

Bagama't Naitatama ang mga pagkakamali ng mga mag-aaral sa ganitong uri ng pagsasalin ay may mababang mean na (M=4.24) at (SD=0.77), nananatili pa rin itong may punang Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na ang Salinayan ay nakatutulong pa rin sa pagwawasto at pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalin.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtamo ng weighted mean na 4.33, standard deviation na 0.70, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa ayon sa mga tagatugon.

Batay sa pangkalahatang resulta, ipinakikita na ang Salinayan ay isang mabisang kagamitang panturo sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa sansalita-bawat-sansalita na pagsasalin. Ang malinaw na paliwanag, angkop na mga halimbawa, at gabay sa wastong paggamit ng ganitong uri ng pagsasalin ay nakatutulong upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang proseso at kahalagahan nito sa larangan ng pagsasaling-wika.

**Talahanayan 8**

*Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Literal*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nalilinang ng Salinayan ang kasanayan ng mga mag-aaral sa literal na pagsasalin.* | 4.42 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng literal at iba pang uri ng salin.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalinaw ang Salinayan sa wastong paggamit ng literal na pagsasalin.* | 4.40 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon ang mga gawain sa pagsasanay tungkol sa literal na pagsasalin.* | 4.22 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagabay na naging maingat ang mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga salita at parirala.* | 4.44 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.37 | | |
| *SD* | 0.71 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Inilahad mula sa talahanayan ang pagtataya ng mga tagatugon sa Salinayan batay sa kontribusyon nito sa paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral hinggil sa literal na pagsasalin. Ipinapakita sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na may kaugnayan sa pag-unawa at paggamit ng ganitong uri ng pagsasalin, kasama ang mean, standard deviation, at mga puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Nakagagabay na naging maingat ang mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga salita at parirala ang may pinakamataas na mean na (M=4.44) na may (SD=0.81) at may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na sa tulong ng Salinayan ay nagiging mas maingat at mapanuri ang mga mag-aaral sa pagpili ng angkop na salita o parirala sa pagsasalin. Nalilinang ng Salinayan ang kasanayan ng mga mag-aaral sa literal na pagsasalin na may (M=4.42) at (SD=0.66), na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga tagatugon. Ipinakikita nito na ang materyal ay epektibong nakatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng literal na pagsasalin.

Samantala, Natutukoy ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng literal at iba pang uri ng salin at Nakapagpapalinaw ang Salinayan sa wastong paggamit ng literal na pagsasalin ay kapwa nagtamo ng (M=4.40) na may (SD=0.62) at (SD=0.78) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na malinaw na naipapakita sa mga mag-aaral ang pagkakaiba ng literal na pagsasalin sa iba pang paraan ng pagsasalin, gayundin ang wastong paggamit nito sa iba't ibang sitwasyon.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng Naaayon ang mga gawain sa pagsasanay tungkol sa literal na pagsasalin na may (M=4.22) at (SD=0.85), nananatili pa rin itong may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawain o pagsasanay na nakapaloob sa Salinayan ay angkop pa rin at nakatutulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa literal na pagsasalin.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtamo ng weighted mean na 4.37, standard deviation na 0.71, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa ayon sa mga tagatugon.

Batay sa pangkalahatang resulta, ipinapakita na ang Salinayan ay isang mabisang kagamitang panturo sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa literal na pagsasalin. Ang malinaw na pagpapaliwanag, angkop na mga gawain, at gabay sa wastong paggamit ng literal na salin ay nakatutulong upang maging mas maingat at masinop ang mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga salita at parirala. Dahil dito, nagiging mahalagang sanggunian ang Salinayan sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsasaling-wika.

**Talahanayan 9**

*Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Malaya*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Napabubuti ng Salinayan ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsalin nang malaya.* | 4.42 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamamalas ng mga mag-aaral kung paano mapananatili ang diwa ng orihinal na teksto.* | 4.20 | 0.87 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahuhubog ang tiwala ng mga mag-aaral sa malayang pagsasalin.* | 4.31 | 0.85 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagbibigay-linaw ang mga halimbawa na makatulong sa malikhaing pagsasalin.* | 4.27 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napapahusay ng Salinayan ang pagiging natural ng pagsasalin ng mga mag-aaral.* | 4.44 | 0.81 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.32 | | |
| *SD* | 0.75 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinakita mula sa talahanayan ang pagtataya ng mga tagatugon sa Salinayan batay sa ambag nito sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa malayang pagsasalin. Ipinapakita sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na may kaugnayan sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalin nang may kalayaan, kasama ang mean, standard deviation, at mga puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Napapahusay ng Salinayan ang pagiging natural ng pagsasalin ng mga mag-aaral ang may pinakamataas na mean na (M=4.44) na may (SD=0.81) at may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na sa tulong ng Salinayan ay nagiging mas likas at maayos ang paraan ng pagsasalin ng mga mag-aaral. Sinundan ito ng Napabubuti ng Salinayan ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsalin nang malaya na may (M=4.42) at (SD=0.66) na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon. Ipinakikita nito na nakatutulong ang materyal sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsalin nang hindi lamang nakatuon sa bawat salita kundi pati sa kabuuang diwa ng teksto.

Samantala, Nahuhubog ang tiwala ng mga mag-aaral sa malayang pagsasalin ay nagtamo ng (M=4.31) at (SD=0.85) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na nagiging mas kumpiyansa ang mga mag-aaral sa paggamit ng ganitong uri ng pagsasalin. Gayundin, ang Nagbibigay-linaw ang mga halimbawa na makatulong sa malikhaing pagsasalin ay may (M=4.27) at (SD=0.69) na nagpapakita na ang mga halimbawang ibinibigay sa Salinayan ay nagsisilbing gabay upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang proseso ng malikhaing pagsasalin.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Naipamamalas ng mga mag-aaral kung paano mapananatili ang diwa ng orihinal na teksto na may (M=4.20) at (SD=0.87), nananatili pa rin itong may punang Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nagagawa pa ring maunawaan at maisaalang-alang ng mga mag-aaral ang pagpapanatili ng diwa ng orihinal na teksto sa proseso ng malayang pagsasalin.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtamo ng weighted mean na 4.32, standard deviation na 0.75, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa ayon sa mga tagatugon.

Batay sa pangkalahatang resulta, ipinapakita na ang Salinayan ay isang epektibong kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa malayang pagsasalin. Ang malinaw na mga halimbawa, gabay sa malikhaing pagsasalin, at pagbibigay-diin sa pagpapanatili ng diwa ng orihinal na teksto ay nakatutulong upang maging mas natural, malinaw, at makabuluhan ang pagsasalin ng mga mag-aaral. Dahil dito, nagiging mahalagang instrumento ang Salinayan sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa larangan ng pagsasaling-wika.

**Talahanayan 10**

*Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Idyomatikong Salin*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakatutulong ang Salinayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa idiyomatikong salin.* | 4.44 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natututuhan ng mga mag-aaral ang wastong pagsasalin ng mga idyoma.* | 4.33 | 0.80 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiiwasan ng mga mag-aaral ang literal na pagsasalin ng mga idyomatikong pahayag.* | 4.33 | 0.90 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ang kaalaman sa tulong ng mga halimbawa.* | 4.31 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaangkop ang pagsasalin ng mga mag-aaral sa mga idyoma.* | 4.38 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.36 | | |
| *SD* | 0.76 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinakikita sa talahanayan ang pagsusuri ng mga tagatugon hinggil sa Salinayan batay sa ambag nito sa paglinang ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa idiyomatikong salin. Inilalahad sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na tumutukoy sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagsasalin ng mga idyomatikong pahayag, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Nakatutulong ang Salinayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa idiyomatikong salin ang nagtamo ng pinakamataas na mean na (M=4.44) at may (SD=0.66) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na sa pamamagitan ng paggamit ng Salinayan ay higit na napalalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahulugan at wastong gamit ng mga idyomatikong pahayag sa pagsasalin.

Sumunod dito ang Naaangkop ang pagsasalin ng mga mag-aaral sa mga idyoma na may (M=4.38) at (SD=0.89) na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon. Ipinakikita nito na nakatutulong ang Salinayan upang matiyak na ang pagsasalin ng mga mag-aaral ay naaayon sa tamang diwa at gamit ng mga idyomatikong pahayag sa target na wika.

Samantala, Natututuhan ng mga mag-aaral ang wastong pagsasalin ng mga idyoma at Naiiwasan ng mga mag-aaral ang literal na pagsasalin ng mga idyomatikong pahayag ay parehong nagtamo ng mean na (M=4.33) na may (SD=0.80) at (SD=0.90) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na sa tulong ng Salinayan ay nagkakaroon ng mas malinaw na pag-unawa ang mga mag-aaral kung paano isasalin ang mga idyoma nang hindi umaasa sa literal na kahulugan ng bawat salita.

Bukod dito, Napauunlad ang kaalaman sa tulong ng mga halimbawa ay nagtala ng (M=4.31) at (SD=0.70) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinakikita nito na ang mga halimbawang nakapaloob sa Salinayan ay nagsisilbing mahalagang gabay upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang tamang paraan ng pagsasalin ng mga idyomatikong pahayag.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.36, standard deviation na 0.76, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Batay sa pangkalahatang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

resulta, ipinahihiwatig nito na ang Salinayan ay isang kapaki-pakinabang at mabisang kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at wastong pagsasalin ng mga idyoma. Sa pamamagitan ng malinaw na mga halimbawa at gabay sa paggamit ng mga idyomatikong pahayag, napauunlad ang kanilang kasanayan sa pagsasaling-wika at naiiwasan ang maling literal na interpretasyon ng mga salita.

**Talahanayan 11**

*Antas ng Pagsasaling-wika ayon sa Matapat*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naipaliliwanag ng mga mag-aaral ang konsepto ng matapat na uri ng pagsasalin sa pamamagitan ng Salinayan.* | 4.40 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natutukoy ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng matapat na pagsasalin sa iba pang uri ng pagsasalin sa tulong ng Salinayan.* | 4.33 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ng mga mag-aaral ang matapat na uri ng pagsasalin sa wastong paraan gamit ang Salinayan.* | 4.44 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napayayaman ang kaalaman sa matapat na pagsasalin sa tulong ng mga halimbawa sa Salinayan.* | 4.42 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagagabay ang Salinayan sa paglalapat ng matapat na uri ng pagsasalin sa mga isinasaling teksto.* | 4.38 | 0.89 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.40 | | |
| *SD* | 0.73 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Inilahad sa talahanayan ang pagtataya ng mga tagatugon hinggil sa Salinayan batay sa ambag nito sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa matapat na uri ng pagsasalin. Inilalahad sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na may kaugnayan sa pag-unawa at paglalapat ng mga mag-aaral sa ganitong uri ng pagsasalin, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga kalahok sa pag-aaral.

Naiaangkop ng mga mag-aaral ang matapat na uri ng pagsasalin sa wastong paraan gamit ang Salinayan ang nagtamo ng pinakamataas na mean na (M=4.44) na may (SD=0.72) at may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na sa tulong ng Salinayan ay nagiging mas maayos at angkop ang paglalapat ng mga mag-aaral ng matapat na pagsasalin sa kanilang mga isinasaling teksto.

Kasunod nito ang Napayayaman ang kaalaman sa matapat na pagsasalin sa tulong ng mga halimbawa sa Salinayan na may (M=4.42) at (SD=0.72) na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga tagatugon. Ipinapakita nito na ang mga halimbawang nakapaloob sa Salinayan ay nagsisilbing mahalagang sanggunian upang higit na mapalawak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konsepto ng matapat na pagsasalin.

Samantala, Naipaliliwanag ng mga mag-aaral ang konsepto ng matapat na uri ng pagsasalin sa pamamagitan ng Salinayan ay nagtamo ng (M=4.40) at (SD=0.69) na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na nakatutulong ang Salinayan upang malinaw na maunawaan at maipaliwanag ng mga mag-aaral ang kahulugan at katangian ng matapat na pagsasalin.

Gayundin, Nakagagabay ang Salinayan sa paglalapat ng matapat na uri ng pagsasalin sa mga isinasaling teksto ay may (M=4.38) at (SD=0.89) na nagpapakita rin ng Lubos na pagsang-ayon ng mga tagatugon. Ipinakikita nito na ang Salinayan ay nagsisilbing gabay ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng matapat na pagsasalin sa iba't ibang teksto.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng Natutukoy ng mga mag-aaral ang pagkakaiba ng matapat na pagsasalin sa iba pang uri ng pagsasalin sa tulong ng Salinayan na may (M=4.33) at (SD=0.77), nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nagkakaroon pa rin ng malinaw na pag-unawa ang mga mag-aaral sa pagkakaiba ng matapat na pagsasalin kumpara sa iba pang uri ng pagsasalin.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtamo ng weighted mean na 4.40, standard deviation na 0.73, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinapakita ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay isang epektibong kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng matapat na uri ng pagsasalin. Sa pamamagitan ng malinaw na paliwanag, mga halimbawa, at gabay sa paglalapat, napauunlad ang kanilang pag-unawa at kasanayan sa wastong pagsasaling-wika.

### Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan

Sa bahaging ito, ang mga talahanayan ay nagpapakita ng Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Kaalaman sa Pagsasalin, Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Pagsasalin ng Teksto, Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Katumpakan ng Salin, Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Pagkamalikhain, Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Kahalagahang Semantiko, at Pinagsamang Talahanayan ng Pagpapalawig ng Kasanayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 12**

*Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Kaalaman sa Pagsasalin*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nadadagdagan ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa pagsasaling-wika.* | 4.31 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilinang sa mga mag-aaral ang mga konsepto ng pagsasalin.* | 4.29 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| ***Napahuhusay** ang kaalaman sa pagsasalin sa pamamagitan ng Salinayan.* | 4.40 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ng mga mag-aaral ang mga prinsipyo ng pagsasaling-wika.* | 4.22 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahuhubog ang mga mag-aaral sa pagsasalin ng iba't ibang teksto.* | 4.38 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.32 | | |
| *SD* | 0.68 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Inilahad sa Talahanayan 14 ang antas ng pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa kanilang kaalaman sa pagsasalin sa tulong ng Salinayan. Inilalahad sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na may kaugnayan sa paglinang at pagpapahusay ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Napahuhusay ang kaalaman sa pagsasalin sa pamamagitan ng Salinayan ang nagtamo ng pinakamataas na mean na (M=4.40) na may (SD=0.65) at may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malaki ang naitutulong ng Salinayan sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang konsepto at proseso ng pagsasaling-wika.

Sinundan ito ng Nahuhubog ang mga mag-aaral sa pagsasalin ng iba't ibang teksto na may (M=4.38) at (SD=0.75) na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga tagatugon. Ipinapakita nito na sa pamamagitan ng Salinayan ay nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kakayahan sa pagsasalin ng iba't ibang uri ng teksto.

Samantala, Nadadagdagan ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa pagsasaling-wika ay nagtamo ng (M=4.31) at (SD=0.73), samantalang ang Nakalilinang sa mga mag-aaral ang mga konsepto ng pagsasalin ay may (M=4.29) at (SD=0.63). Kapwa ito may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na nakatutulong ang Salinayan sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pangunahing konsepto ng pagsasaling-wika.

Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng Naipahahayag ng mga mag-aaral ang mga prinsipyo ng pagsasaling-wika na may (M=4.22) at (SD=0.79), nananatili pa rin itong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nagagawa pa rin ng mga mag-aaral na maipahayag at maunawaan ang mahahalagang prinsipyo ng pagsasaling-wika sa tulong ng Salinayan.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.32, standard deviation na 0.68, at may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay isang epektibong kagamitang panturo sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsasaling-wika. Sa tulong ng malinaw na mga paliwanag at halimbawa, napauunlad ang kanilang pag-unawa sa mga konsepto, prinsipyo, at proseso ng pagsasalin.

**Talahanayan 13**

*Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Pagsasalin ng Teksto*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Napayayaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng teksto.* | 4.49 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapaliwanag ng Salinayan ang kabuuan ng teksto.* | 4.13 | 0.79 | Sumasang-ayon |
| *Naisasagawa ng organisado ang pagsasalin ng mga mag-aaral.* | 4.44 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napabubuti ang katumpakan ng pagsasalin ng teksto ng mga mag-aaral.* | 3.96 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| *Nailalahad nang malinaw ng mga mag-aaral ang kanilang isinasaling ideya.* | 4.11 | 0.86 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.23 | | |
| *SD* | 0.73 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ibinahagi sa Talahanayan 15 ang antas ng pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagsasalin ng teksto sa tulong ng Salinayan. Inilalahad sa talahanayan ang iba't ibang pahayag na tumutukoy sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa sistematiko at wasto nilang pagsasalin, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga kalahok.

Napayayaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng teksto ang nagtamo ng pinakamataas na mean na (M=4.49) at SD=0.69, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na malaking tulong ang Salinayan sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mas kumprehensibong pagsasalin ng teksto.

Naisasagawa ng organisado ang pagsasalin ng mga mag-aaral na may (M=4.44) at SD=0.59, na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga tagatugon. Ipinapakita nito na natutulungan ng Salinayan ang mga mag-aaral na maisaayos nang maayos at lohikal ang kanilang pagsasalin, na nagreresulta sa mas malinaw at maayos na teksto.

Samantala, Naipapaliwanag ng Salinayan ang kabuuan ng teksto ay nagtamo ng (M=4.13) at SD=0.79, at may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

interpretasyong Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nakatutulong ang Salinayan sa pagpapaliwanag at pag-unawa ng kabuuang diwa ng teksto, bagamat bahagyang mas mababa ang antas ng pagsang-ayon kumpara sa ibang pahayag. Nailalahad nang malinaw ng mga mag-aaral ang kanilang isinasaling ideya ay may (M=4.11) at SD=0.86, at Napabubuti ang katumpakan ng pagsasalin ng teksto ng mga mag-aaral ay may (M=3.96) at SD=0.74, habang ang parehong may interpretasyong Sumasang-ayon. Ipinapakita nito na may natatanging pag-unlad sa katumpakan at kalinawan ng pagsasalin, ngunit may kaunting pagkakaiba sa antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.23 at standard deviation na 0.73, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinapahiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay epektibong instrumento sa pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng teksto. Sa tulong ng gabay, halimbawa, at malinaw na paliwanag, napauunlad ang kanilang kakayahan sa sistematiko, malinaw, at tamang pagsasalin ng teksto.

**Talahanayan 14**

*Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Katumpakan ng Salin*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naibibigay nang malinaw ng mga mag-aaral ang kanilang isinasaling ideya.* | 4.42 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagtutuunan ng pansin ng mga mag-aaral ang detalye sa pagsasalin.* | 4.44 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napananatili ng mga mag-aaral ang tamang kahulugan ng orihinal na teksto.* | 4.40 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ang pagiging maingat ang mga mag-aaral sa pagpili ng salita.* | 4.36 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatataas ng antas ng kaalaman ang katumpakan ng mga salin.* | 4.31 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.39 | | |
| *SD* | 0.59 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Inilahad sa Talahanayan 16 ang antas ng pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral batay sa katumpakan ng salin sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na naglalarawan kung paano napapabuti ng Salinayan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa maingat, tumpak, at malinaw na pagsasalin, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na interpretasyon.

Napagtutuunan ng pansin ng mga mag-aaral ang detalye sa pagsasalin ang nagtala ng pinakamataas na mean na (M=4.44) at SD=0.50, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na sa tulong ng Salinayan, nagiging mas maingat ang mga mag-aaral sa bawat detalye ng pagsasalin, na nagreresulta sa mas tumpak at malinaw na salin.

Sumunod ang Naibibigay nang malinaw ng mga mag-aaral ang kanilang isinasaling ideya na may (M=4.42) at SD=0.58, na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon. Ipinapakita nito na natutulungan ng Salinayan ang mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw at organisado ang kanilang mga ideya sa isinasaling teksto.

Kasunod nito, ang Napananatili ng mga mag-aaral ang tamang kahulugan ng orihinal na teksto ay nagtala ng (M=4.40) at SD=0.58, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na nakatutulong ang Salinayan upang mapanatili ang katumpakan ng kahulugan at diwa ng orihinal na teksto.

Napauunlad ang pagiging maingat ang mga mag-aaral sa pagpili ng salita ay may (M=4.36) at SD=0.74, samantalang ang Nakatataas ng antas ng kaalaman ang katumpakan ng mga salin ay may (M=4.31) at SD=0.70, kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan hindi lamang sa tumpak na pagsasalin kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa tamang pagpili ng salita at paggamit ng mga kasanayang pangwika.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.39 at standard deviation na 0.59, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay epektibong instrumento sa pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral sa katumpakan ng salin, na nagbibigay-diin sa malinaw, maayos, at tumpak na paggamit ng wika sa pagsasaling-wika.

**Talahanayan 15**

*Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Pagkamalikhain*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipamamalas ng Salinayan ang pagkamalikhain ng mga mag-aaral sa pagsasalin.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibahahagi ng mga mag-aaral ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng ideya.* | 4.53 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapasigla ang Salinayan sa malikhaing pagsasalin.* | 4.56 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabubuo ang mas natural at makabuluhang salin ng mga mag-aaral.* | 4.29 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatatamo ang mga mag-aaral ng mas malawak na kalayaan sa pagpapahayag ng diwa ng pagsasalin.* | 4.27 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.41 | | |
| *SD* | 0.59 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinakita sa talahanayan ang antas ng pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkamalikhain sa pagsasalin sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na naglalarawan kung paano napapaunlad ng Salinayan ang malikhaing kakayahan ng mga mag-aaral,

kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Nakapagpapasigla ang Salinayan sa malikhaing pagsasalin ang nagtamo ng pinakamataas na mean na (M=4.56) at SD=0.50, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang Salinayan ay isang mabisang kasangkapan upang hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip nang malikhain at magpahayag ng kanilang mga ideya sa natatanging paraan.

Naibahahagi ng mga mag-aaral ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng ideya na may (M=4.53) at SD=0.50, na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon mula sa mga tagatugon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan upang maipakita ng mga mag-aaral ang iba't ibang estilo at pamamaraan sa paglalahad ng kanilang mga salin.

Naipamamalas ng Salinayan ang pagkamalikhain ng mga mag-aaral sa pagsasalin ay nagtala ng (M=4.40) at SD=0.62, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon, na nagpapahiwatig na sa tulong ng Salinayan, nagiging mas malinaw at kapansin-pansin ang malikhaing kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsasaling-wika.

Kasunod nito, ang pahayag na Nabubuo ang mas natural at makabuluhang salin ng mga mag-aaral ay may (M=4.29) at SD=0.66, habang ang Nakatatamo ang mga mag-aaral ng mas malawak na kalayaan sa pagpapahayag ng diwa ng pagsasalin ay may (M=4.27) at SD=0.75, parehong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan sa pagbibigay ng mas malawak na kalayaan sa malikhaing pagpapahayag at sa pagbubuo ng mga salin na mas natural at makahulugan.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.41 at standard deviation na 0.59, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinapahiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay epektibong instrumento sa pagpapalawig ng pagkamalikhain ng mga mag-aaral sa pagsasalin, na nagbibigay-diin sa malikhaing paggamit ng wika, mas malawak na kalayaan sa pagpapahayag, at pagbubuo ng mas natural at makabuluhang salin.

**Talahanayan 16**

*Antas ng Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Kahalagahang Semantiko*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naiuugnay ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita sa konteksto.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-linaw ng Salinayan ang wastong interpretasyon ng kahulugan.* | 4.36 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong na maiwasan ang maling kahulugan sa pagsasalin.* | 4.40 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalilinang na maging sensitibo ang mga mag-aaral sa kahulugang semantiko ng teksto.* | 4.24 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napananatili ang mensahe at diwa ng isinaling teksto.* | 4.22 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.32 | | |
| *SD* | 0.70 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral batay sa kahalagahang semantiko sa pagsasalin sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na tumutukoy sa kung paano natutulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at mapanatili ang tamang kahulugan ng salita at mensahe sa konteksto ng teksto, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Naiuugnay ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita sa konteksto at Nakatutulong na maiwasan ang maling kahulugan sa pagsasalin ay parehong nagtala ng mataas na mean na (M=4.40), na may SD na 0.62 at 0.78, kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na epektibong naipapaliwanag ng Salinayan sa mga mag-aaral ang tamang kontekstuwal na kahulugan ng mga salita at naiiwasan ang maling interpretasyon sa kanilang pagsasalin.

Kasunod nito, ang pahayag na Nabibigyang-linaw ng Salinayan ang wastong interpretasyon ng kahulugan ay may (M=4.36) at SD=0.61, na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon. Ipinapakita nito na ang Salinayan ay nagsisilbing mahalagang gabay upang malinaw na maunawaan ng mga mag-aaral ang tamang interpretasyon ng salita at pahayag sa teksto.

Nalilinang na maging sensitibo ang mga mag-aaral sa kahulugang semantiko ng teksto ay nagtala ng (M=4.24) at SD=0.77, samantalang ang Napananatili ang mensahe at diwa ng isinaling teksto ay may (M=4.22) at SD=0.88, kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan sa paghubog ng mas maingat at sensitibong pag-unawa sa kahulugan ng salita at mensahe, pati na rin sa pagpapanatili ng kabuuang diwa ng teksto sa pagsasalin.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.32 at standard deviation na 0.70, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral sa kahalagahang semantiko, na nagbibigay-diin sa tamang interpretasyon, pagpapanatili ng diwa ng teksto, at mas malalim na pag-unawa sa kahulugan ng salita sa konteksto.

**Antas ng Kaalamang Gramatikal**

Sa bahaging ito, ang mga talahanayan ay nagpapakita ng Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Pagbabaybay ng Hiram na Salita, Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Paggamit ng Hiram na Salita, Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Estilo sa Pagsulat, Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Estruktura ng Pangungusap, Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Estruktura ng Wika, at Pinagsamang Talahanayan ng Kaalamang Gramatikal.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 17**
*Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon* sa Pagbabaybay ng Hiram na Salita

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipakikita na wasto ang pagbabaybay ng mga mag-aaral sa hiram na salita.* | 4.38 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapaliwanag ng Salinayan ang tuntunin ng pagbabaybay.* | 4.36 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigyang-halaga ang wastong anyo ng hiram na salita.* | 4.36 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahasa na maging pamilyar ang mga mag-aaral sa Filipino na anyo ng hiram na salita.* | 4.29 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naisasaayos ang pagbabaybay sa pagsulat.* | 4.22 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.32 | | |
| *SD* | 0.67 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral batay sa pagbabaybay ng hiram na salita sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na naglalarawan kung paano natutulungan ang mga mag-aaral na maging pamilyar at maingat sa tamang anyo, pagbabaybay, at wastong paggamit ng mga hiram na salita, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Naipakikita na wasto ang pagbabaybay ng mga mag-aaral sa hiram na salita ang nagtala ng pinakamataas na mean na (M=4.38) at SD=0.68, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nakatutulong ang Salinayan upang maging tama at maayos ang pagbabaybay ng mga mag-aaral sa mga hiram na salita.

Kasunod nito, Naipapaliwanag ng Salinayan ang tuntunin ng pagbabaybay at Nabibigyang-halaga ang wastong anyo ng hiram na salita ay parehong may mean na 4.36 at SD na 0.61, na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon. Ipinapakita nito na epektibong naipapaliwanag at naipapamalas ng Salinayan ang mga tuntunin at kahalagahan ng wastong anyo at pagbabaybay ng hiram na salita.

Nahahasa na maging pamilyar ang mga mag-aaral sa Filipino na anyo ng hiram na salita ay nagtala ng (M=4.29) at SD=0.69, habang ang Naisasaayos ang pagbabaybay sa pagsulat ay may (M=4.22) at SD=0.88, kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na sa tulong ng Salinayan, nagkakaroon ng mas malalim na pamilyaridad at kasanayan ang mga mag-aaral sa tamang anyo ng hiram na salita, at nagiging mas maayos ang kanilang pagsulat.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtala ng weighted mean na 4.32 at standard deviation na 0.67, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay isang epektibong kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral, partikular sa wastong pagbabaybay at paggamit ng hiram na salita sa Filipino.

**Talahanayan 18**
*Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Paggamit ng Hiram na Salita*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naituturo ng Salinayan ang wastong paggamit ng hiram na salita.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalalaman ng mga mag-aaral kung kailan dapat gumamit ng hiram na salita.* | 4.20 | 0.69 | Sumasang-ayon |
| *Natutugunan ang angkop na paggamit ng mga hiram na salita.* | 4.42 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababalanse ang paggamit ng banyagang termino sa pagsulat.* | 4.27 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitataas ang antas ng pormalidad at wastong pagsulat ng mga mag-aaral.* | 4.38 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.33 | | |
| *SD* | 0.65 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Inilahad ang antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral batay sa wastong paggamit ng hiram na salita sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na naglalarawan kung paano natutulungan ang mga mag-aaral na magamit nang tama ang hiram na salita sa konteksto ng pagsulat, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Natutugunan ang angkop na paggamit ng mga hiram na salita ang nagtala ng pinakamataas na mean na (M=4.42) at SD=0.58, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na epektibong naipapakita ng Salinayan sa mga mag-aaral ang tamang paggamit ng hiram na salita sa kanilang pagsulat.

Kasunod nito, ang Naituturo ng Salinayan ang wastong paggamit ng hiram na salita ay may (M=4.40) at SD=0.62, na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon. Ipinapakita nito na natutulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang tuntunin at layunin ng paggamit ng hiram na salita.

Naitataas ang antas ng pormalidad at wastong pagsulat ng mga mag-aaral ay nagtala ng (M=4.38) at SD=0.72, samantalang ang Nababalanse ang paggamit ng banyagang termino sa pagsulat ay may (M=4.27) at SD=0.78, kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan sa pagpapanatili ng balanse sa paggamit ng mga banyagang termino at sa pagpapataas ng antas ng pormalidad sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Bagama’t bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Nalalaman ng mga mag-aaral kung kailan dapat gumamit ng hiram na salita na may (M=4.20) at SD=0.69, nananatili pa rin itong may interpretasyong Sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na may natatanging pag-unlad sa kaalaman

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

ng mga mag-aaral sa tamang konteksto ng paggamit ng hiram na salita.

Sa kabuuan, ang talahanayan ay nagtala ng weighted mean na 4.33 at standard deviation na 0.65, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay epektibong kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral, partikular sa tamang paggamit ng hiram na salita, pagpapanatili ng pormalidad, at wastong pagsulat.

**Talahanayan 19**

*Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Estilo sa Pagsulat*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nalilinang ng Salinayan ang estilo sa pagsulat ng mga mag-aaral.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaambag na maging malinaw at organisado ang mga pangungusap.* | 4.42 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang pagsasalin sa paghasa ng estilo sa pagsulat.* | 4.36 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaangkop ang tono ng pagsulat.* | 4.36 | 0.68 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamamalas ng mga mag-aaral ang epektibong pagpapahayag ng ideya.* | 4.33 | 0.71 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.37 | | |
| *SD* | 0.62 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Inilahad sa Talahanayan 22 ang antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral batay sa estilo sa pagsulat sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na tumutukoy sa kung paano natutulungan ng Salinayan ang mga mag-aaral na linangin at paunlarin ang kanilang istilo sa pagsulat, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Nakaaambag na maging malinaw at organisado ang mga pangungusap ang nagtala ng pinakamataas na mean na (M=4.42) at SD=0.62, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapahiwatig nito na ang Salinayan ay epektibong nakatutulong sa pagpapahusay ng kalinawan at organisasyon ng pangungusap sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Kasunod nito, ang pahayag na Nalilinang ng Salinayan ang estilo sa pagsulat ng mga mag-aaral ay may (M=4.40) at SD=0.62, na nagpapakita rin ng mataas na antas ng pagsang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan sa pagbibigay-diin sa sariling estilo at malikhaing pagpapahayag ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat.

Ang pahayag na Nakatutulong ang pagsasalin sa paghasa ng estilo sa pagsulat at Naaangkop ang tono ng pagsulat ay parehong nagtala ng mean na 4.36 (SD=0.61 at 0.68), habang ang Naipamamalas ng mga mag-aaral ang epektibong pagpapahayag ng ideya ay may (M=4.33) at SD=0.71, lahat ay may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na sa tulong ng Salinayan, nagkakaroon ng mas malinaw, organisado, at angkop na istilo sa pagsulat ang mga mag-aaral, at nagiging mas epektibo ang kanilang pagpapahayag ng ideya.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.37 at standard deviation na 0.62, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay mabisang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral, partikular sa paglinang ng istilo, tono, at organisasyon ng kanilang pagsulat, na nagreresulta sa mas malinaw at epektibong komunikasyon ng mga ideya.

**Talahanayan 20**

*Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Estruktura ng Pangungusap*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang tamang ayos ng pangungusap.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang Salinayan sa pagbuo ng wastong pangungusap.* | 4.36 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitatama ang estruktura ng pangungusap ng mga mag-aaral.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag nang malinaw ng mga mag-aaral ang kanilang pangungusap.* | 4.56 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangat ng pagsasalin ang antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral.* | 4.31 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.40 | | |
| *SD* | 0.61 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral batay sa estruktura ng pangungusap sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na naglalarawan kung paano natutulungan ang mga mag-aaral na maunawaan, maitama, at maipahayag nang malinaw ang estruktura ng kanilang pangungusap, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Naipahahayag nang malinaw ng mga mag-aaral ang kanilang pangungusap ang nagtala ng pinakamataas na mean na (M=4.56) at SD=0.62, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang Salinayan ay epektibong nakatutulong sa pagpapahayag ng malinaw at maayos na pangungusap, na nagpapakita ng mataas na antas ng kaalamang gramatikal.

Nauunawaan ang tamang ayos ng pangungusap at Naitatama ang estruktura ng pangungusap ng mga mag-aaral, na parehong may (M=4.40) at SD=0.62, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan sa wastong pagbuo at pag-unawa sa estruktura ng pangungusap, na mahalaga sa malinaw at maayos na pagsulat.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang pahayag na Nakatutulong ang Salinayan sa pagbuo ng wastong pangungusap ay may (M=4.36) at SD=0.61, samantalang ang Naiaangat ng pagsasalin ang antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral ay may (M=4.31) at SD=0.73, kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na sa tulong ng Salinayan, nagkakaroon ng mas mataas na antas ng kaalaman at kasanayan ang mga mag-aaral sa estruktura ng pangungusap, na nagreresulta sa mas organisado at epektibong pagsulat.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.40 at standard deviation na 0.61, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral, partikular sa wastong estruktura at organisasyon ng pangungusap, na nagreresulta sa mas malinaw, maayos, at epektibong komunikasyon ng mga ideya.

**Talahanayan 21**

*Antas ng Kaalamang Gramatikal ayon sa Estruktura ng Wika*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ng mga mag-aaral ang estruktura ng wikang Filipino.* | 4.40 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapahusay ang Salinayan sa paggamit ng wastong anyo ng wika.* | 4.36 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagpapalawak ng kaalaman na maging pamilyar ang mga mag-aaral sa tuntuning gramatikal.* | 4.60 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalinaw ang pagsasalin sa paglinang ng kaalamang gramatikal.* | 4.36 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ng wasto ang paggamit ng wika sa pagsulat.* | 4.24 | 0.88 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.39 | | |
| *SD* | 0.66 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang antas ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral batay sa estruktura ng wika sa tulong ng Salinayan. Inilalahad dito ang iba't ibang pahayag na naglalarawan kung paano natutulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at magamit nang wasto ang estruktura at tuntunin ng wikang Filipino sa kanilang pagsulat, kasama ang mean, standard deviation, at berbal na puna ng mga tagatugon.

Nagpapalawak ng kaalaman na maging pamilyar ang mga mag-aaral sa tuntuning gramatikal ang nagtala ng pinakamataas na mean na (M=4.60) at SD=0.50, na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na epektibong natutulungan ng Salinayan ang mga mag-aaral na maging pamilyar at bihasa sa mga tuntunin at estruktura ng wika, na mahalaga sa tamang paggamit ng Filipino sa pagsulat.

Sumunod ang pahayag na Natutukoy ng mga mag-aaral ang estruktura ng wikang Filipino na may (M=4.40) at SD=0.62, at ang Nakapagpapahusay ang Salinayan sa paggamit ng wastong anyo ng wika na may (M=4.36) at SD=0.61, parehong may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan sa malinaw na pag-unawa at tamang aplikasyon ng estruktura at anyo ng wikang Filipino sa pagsulat.

Nakapagpapalinaw ang pagsasalin sa paglinang ng kaalamang gramatikal ay nagtala ng (M=4.36) at SD=0.77, samantalang ang Naipakikita ng wasto ang paggamit ng wika sa pagsulat ay may (M=4.24) at SD=0.88, kapwa may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita nito na nakatutulong ang Salinayan sa pagpapahusay ng kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral, lalo na sa paggamit ng wika nang tama at maayos sa konteksto ng pagsulat.

Sa kabuuan, nakapagtala ang talahanayan ng weighted mean na 4.39 at standard deviation na 0.66, na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa. Ipinahihiwatig ng pangkalahatang resulta na ang Salinayan ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalamang gramatikal, partikular sa estruktura ng wika, tamang anyo, at wastong paggamit ng Filipino sa pagsulat.

**Antas ng Performans ng mga mag-aaral batay sa Iskor**

**Talahanayan 22**

*Antas ng Performans ng mga mag-aaral batay sa Iskor*

| **Puntos** | **Iskor** | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 90 – 100 | 15 | *33.33* | Outstanding |
| 85 – 89 | 30 | *66.67* | Very Satisfactory |
| 80 – 84 | 0 | *0.00* | Satisfactory |
| 75 – 79 | 0 | *0.00* | Fairly Satisfactory |
| Below 75 | 0 | *0.00* | Did Not Meet Expectation |
| Total | 45 | *100* | |
| *Weighted Mean* | *88.43* | | |
| *SD* | *1.80* | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | *Very Satisfactory* | | |

Ang antas ng performans ng mga mag-aaral batay sa kanilang iskor sa paggamit ng Salinayan bilang kasangkapan sa pagkatuto. Ipinapakita ng talahanayan ang distribusyon ng mga mag-aaral ayon sa puntos, kasama ang bilang (f), porsyento (%), at paglalarawan ng antas ng performans.

Makikita na 30 mag-aaral (66.67%) ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 85–89, na tumutugma sa antas na Very Satisfactory. Samantala, 15 mag-aaral (33.33%) ay nakakuha ng iskor sa pagitan ng 90–100, na tumutugma sa antas na Outstanding. Walang mag-aaral na nakakuha ng mas mababa sa 85, kaya naman ang mga antas na Satisfactory, Fairly Satisfactory, at Did Not Meet Expectation ay hindi naitala.

Batay sa weighted mean na 88.43 at standard deviation na 1.80, ang pangkalahatang antas ng performans ng mga mag-aaral ay Very Satisfactory. Ipinahihiwatig nito na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan at kaalaman sa pagsasaling-wika, at ang paggamit ng Salinayan ay epektibong nakatulong upang maipakita ang kanilang kakayahan sa pagsasalin.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng datos na ang performans ng mga mag-aaral ay nasa mataas na antas, na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nagpapakita ng matibay na pagkatuto at kasanayan sa pagsasaling-wika sa tulong ng Salinayan.

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Pagpapalawig ng Kasanayan**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Pagpapalawig ng Kasanayan ayon sa Kaalaman sa Pagsasalin, Pagsasalin ng Teksto, Katumpakan ng Salin, Pagkamalikhain, at Kahalagahang Semantiko, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

**Talahanayan 23**

*Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Pagpapalawig ng Kasanayan*

| ***Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika*** | | **Kaalaman sa Pagsasalin** | **Pagsasalin ng Teksto** | **Katumpakan ng Salin** | **Pagkamalikhain** | **Kahalagahang Semantiko** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Introduksyon | Pearson Correlation | 0.337** | 0.698** | 0.489** | 0.442** | 0.447** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.024 | 0.000 | 0.000 | 0.002 | 0.002 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Layunin | Pearson Correlation | 0.647** | 0.578** | 0.583** | 0.529** | 0.557** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Nilalaman | Pearson Correlation | 0.426** | 0.511** | 0.456** | 0.333* | 0.386** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.004 | 0.000 | 0.002 | 0.025 | 0.009 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Pagkakabuo ng Materyal | Pearson Correlation | 0.457** | 0.540** | 0.354** | 0.388** | 0.485** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.017 | 0.009 | 0.001 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Pagkakalahad ng Impormasyon | Pearson Correlation | 0.456** | 0.475** | 0.393** | 0.362** | 0.320** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.002 | 0.001 | 0.008 | 0.015 | 0.032 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Pagsasanay | Pearson Correlation | 0.741** | 0.647** | 0.642** | 0.591** | 0.660** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Sansalita-bawat-sansalita | Pearson Correlation | 0.724** | 0.694** | 0.648** | 0.597** | 0.676** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Literal | Pearson Correlation | 0.760** | 0.694** | 0.627** | 0.590** | 0.661** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Malaya | Pearson Correlation | 0.668** | 0.584** | 0.659** | 0.540** | 0.571** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Idyomatikong Salin | Pearson Correlation | 0.708** | 0.628** | 0.625** | 0.527** | 0.591** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Matapat | Pearson Correlation | 0.706** | 0.610** | 0.649** | 0.590** | 0.648** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |

Ang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Salinayan at ng pagsasaling-wika sa pagpapalawig ng kasanayan ng mga mag-aaral. Batay sa Pearson correlation, napagmasdan ang positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng Salinayan at ng lahat ng dimensyon ng pagsasaling-wika, kabilang ang kaalaman sa pagsasalin, pagsasalin ng teksto, katumpakan ng salin, pagkamalikhain, at kahalagahang semantiko, na may mga r-value na nasa pagitan ng 0.320 at 0.760 at $p < 0.05$.

Ipinahihiwatig nito na habang mas madalas at mas sistematiko ang paggamit ng Salinayan, mas tumataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Halimbawa, ang pinakamataas na ugnayan ay nakita sa pagitan ng literal na pagsasalin at kaalaman sa pagsasalin ($r = 0.760$, $p < 0.01$), na nagpapakita ng napakalakas na positibong kaugnayan. Samantala, ang pinakamababang ugnayan ay naitala sa pagitan ng pagkakalahad ng impormasyon at kahalagahang semantiko ($r = 0.320$, $p < 0.05$), na bagama't mas mababa, ay nananatiling makabuluhan. Ipinapakita rin ng datos na ang paggamit ng Salinayan ay nakatutulong sa pagpapabuti ng organisasyon at kalidad ng teksto, pagpapanatili ng tamang kahulugan, malikhaing paraan ng pagpapahayag, at pagiging sensitibo sa konteksto ng mga salita.

Sa kabuuan, ipinapahiwatig na ang Salinayan ay isang epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng pagsasaling-wika, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng kaalaman, katumpakan, at malikhaing aplikasyon ng kasanayan ng mga mag-aaral.

**Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Kaalamang Gramatikal**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Kaalamang Gramatikal ayon sa Pagbabaybay ng Hiram na Salita, Paggamit ng Hiram na Salita, Estilo sa Pagsulat, Estruktura ng Pangungusap, at Estruktura ng Wika, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.

**Talahanayan 24**

*Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Kaalamang Gramatikal*

| *Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika* | | Pagbabaybay ng Hiram na Salita | Paggamit ng Hiram na Salita | Estilo sa Pagsulat | Estruktura ng Pangungusap | Estruktura ng Wika |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Introduksyon | Pearson Correlation | 0.495** | 0.477** | 0.481** | 0.417** | 0.475** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.001 | 0.001 | 0.001 | 0.004 | 0.001 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Layunin | Pearson Correlation | 0.590** | 0.557** | 0.557** | 0.534** | 0.622** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Nilalaman | Pearson Correlation | 0.387** | 0.337** | 0.290 | 0.246 | 0.422** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.009 | 0.023 | 0.053 | 0.103 | 0.004 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Pagkakabuo ng Materyal | Pearson Correlation | 0.473** | 0.469** | 0.470** | 0.428** | 0.455** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.001 | 0.001 | 0.001 | 0.004 | 0.001 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Pagkakalahad ng Impormasyon | Pearson Correlation | 0.354** | 0.393** | 0.403** | 0.373** | 0.365** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.017 | 0.008 | 0.006 | 0.012 | 0.014 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagsasanay | Pearson Correlation | 0.693** | 0.688** | 0.678** | 0.655** | 0.703** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Sansalita-bawat-sansalita | Pearson Correlation | 0.722** | 0.703** | 0.712** | 0.684** | 0.708** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Literal | Pearson Correlation | 0.720** | 0.697** | 0.716** | 0.677** | 0.701** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Malaya | Pearson Correlation | 0.622** | 0.609** | 0.570** | 0.578** | 0.664** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Idyomatikong Salin | Pearson Correlation | 0.613** | 0.629** | 0.584** | 0.578** | 0.634** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |
| Matapat | Pearson Correlation | 0.680** | 0.670** | 0.639** | 0.634** | 0.707** |
| | Sig. (2-tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 44 | 44 | 44 | 44 | 44 |

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Kaalamang Gramatikal, ($r$(44) $p < .05$). Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Pagpapalihan at Paglalapat na Paggamit ng Salinayan ay nagpapakita ng pagtaas ng Pagsasaling-wika. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting Kaalamang Gramatikal.

Ang makabuluhang kaugnayan ng paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika sa kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral. Batay sa Pearson correlation, napagmasdan ang positibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng Salinayan at ng iba't ibang aspekto ng kaalamang gramatikal, kabilang ang pagbabaybay ng hiram na salita, paggamit ng hiram na salita, estilo sa pagsulat, estruktura ng pangungusap, at estruktura ng wika, na may r-values na mula 0.246 hanggang 0.722 at $p < 0.05$. Ipinahihiwatig nito na habang mas madalas at sistematiko ang paggamit ng Salinayan, mas tumataas ang kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral.

Makikita na ang pinakamataas na ugnayan ay naitala sa pagitan ng sansalita-bawat-sansalita at pagbabaybay ng hiram na salita ($r = 0.722$, $p < 0.01$), habang ang pinakamababang ugnayan ay naitala sa pagitan ng nilalaman at estruktura ng pangungusap ($r = 0.246$, $p > 0.05$), na bagama't mas mababa ay nagpapahiwatig ng bahagyang positibong kaugnayan. Ang iba pang mga aspekto, tulad ng literal, malaya, idyomatikong salin, at matapat na uri ng pagsasalin, ay nagpapakita rin ng makabuluhang positibong korelasyon sa lahat ng dimensyon ng kaalamang gramatikal.

Ipinapakita rin ng datos na ang paggamit ng Salinayan ay nakatutulong sa pagpapabuti ng tamang pagbabaybay at paggamit ng hiram na salita, paglinang ng estilo sa pagsulat, at pagpapahusay ng estruktura ng pangungusap at wika. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng Talahanayan 28 na ang madalas at sistematikong paggamit ng Salinayan ay may positibong epekto sa pagtaas ng kaalamang gramatikal, na nagreresulta sa mas mahusay na kaalaman sa wastong estruktura ng wika, estilo sa pagsulat, at paggamit ng hiram na salita.

**Pagsusuri ng paghahambing sa Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Performans ng mga mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Performans ng mga mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

**Talahanayan 25**

*Makabuluhang epekto ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Performans ng mga mag-aaral*

| Source | *Df* | *SS* | *MS* | *F* | *p* | *M* | *SD* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bahagi | 5 | 48.66 | 4.42 | 1.549 | .161 | 4.31 | 0.59 |
| Residual | 39 | 94.19 | 2.85 | | | 88.42 | 1.80 |
| Total | 44 | 142.8 | | | | | |

*Note: M* = Mean; *SD* = Standard Deviation, $p < .05$

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika sa Performans ng mga mag-aaral.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang Performans sa pagitan ng mga Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika $F(5, 39) = 1.549$, $p = .161$. Ito ay nagpapahiwatig na ang Paggamit ng Salinayan at Pagsasaling-wika ay walang epekto sa Performans ng mga mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* sa ($M = 88.42$, $SD = 1.80$) ay hindi gaanong nagkakaiba ($p = .161$).

Ipinapakita ng datos ang pagsusuri gamit ang ANOVA upang tukuyin kung may makabuluhang pagkakaiba sa mean scores ng iba't ibang bahagi sa antas ng performans ng mga mag-aaral. Ayon sa talaan, ang Bahagi ay may df = 5, sum of squares (SS) na 48.66, mean square (MS) na 4.42, at F-value na 1.549, na may p-value na 0.161. Ang residual ay may df = 39, SS na 94.19, at MS na 2.85. Ang kabuuang total ay may SS na 142.8 at df = 44.

Dahil ang p-value (0.161) ay mas mataas sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05, ipinapahiwatig nito na walang makabuluhang pagkakaiba sa mean scores sa pagitan ng iba't ibang bahagi. Sa madaling salita, ang antas ng performans ng mga mag-aaral ay hindi naiiba nang makabuluhan batay sa bahaging sinusuri. Ang weighted mean ng bawat bahagi ay 4.31 na may SD na 0.59, at ang pangkalahatang performans ng mga mag-aaral ay may mean na 88.42 at SD na 1.80, na nagpapakita ng mataas at consistent na antas ng pagganap.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| SUMMARY OUTPUT | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| *Regression Statistics* | | | | | | | | |
| Multiple R | 0.58362 | | | | | | | |
| R Square | 0.34061 | | | | | | | |
| Adjusted R Square | 0.12081 | | | | | | | |
| Standard Error | 1.68948 | | | | | | | |
| Observations | 45 | | | | | | | |
| | | | | | | | | |
| ANOVA | | | | | | | | |
| | ***df*** | ***SS*** | ***MS*** | ***F*** | ***Significance F*** | | | |
| Regression | 11 | 48.655 | 4.42318 | 1.54964 | 0.16085 | | | |
| Residual | 33 | 94.193 | 2.85433 | | | | | |
| Total | 44 | 142.848 | | | | | | |
| | ***Coefficients*** | ***Standard Error*** | ***t Stat*** | ***P-value*** | ***Lower 95%*** | ***Upper 95%*** | ***Lower 95.0%*** | ***Upper 95.0%*** |
| Intercept | 90.7943 | 2.71246 | 33.4731 | 4.8E-27 | 85.2758 | 96.3128 | 85.2758 | 96.3128 |
| X Variable 1 | -2.066 | 0.95965 | -2.1528 | 0.03874 | -4.0184 | -0.1135 | -4.0184 | -0.1135 |
| X Variable 2 | 1.21384 | 0.8445 | 1.43735 | 0.16003 | -0.5043 | 2.93198 | -0.5043 | 2.93198 |
| X Variable 3 | 2.05531 | 0.76964 | 2.67048 | 0.01167 | 0.48947 | 3.62115 | 0.48947 | 3.62115 |
| X Variable 4 | -0.6807 | 0.70002 | -0.9724 | 0.33793 | -2.1049 | 0.7435 | -2.1049 | 0.7435 |
| X Variable 5 | -0.4618 | 0.51342 | -0.8994 | 0.37498 | -1.5063 | 0.58282 | -1.5063 | 0.58282 |
| X Variable 6 | -4.8428 | 3.50399 | -1.3821 | 0.17623 | -11.972 | 2.28611 | -11.972 | 2.28611 |
| X Variable 7 | -1.129 | 2.40745 | -0.469 | 0.64218 | -6.027 | 3.769 | -6.027 | 3.769 |
| X Variable 8 | 3.98201 | 3.04917 | 1.30593 | 0.20061 | -2.2216 | 10.1856 | -2.2216 | 10.1856 |
| X Variable 9 | -1.284 | 1.91555 | -0.6703 | 0.50732 | -5.1812 | 2.61319 | -5.1812 | 2.61319 |
| X Variable 10 | 1.1425 | 2.30851 | 0.49491 | 0.62395 | -3.5542 | 5.83919 | -3.5542 | 5.83919 |
| X Variable 11 | 1.46877 | 3.15935 | 0.4649 | 0.64506 | -4.959 | 7.89651 | -4.959 | 7.89651 |
| | | | | | | | | |

Sa kabuuan, ang ANOVA ay nagpapahiwatig na ang lahat ng bahagi ay nagpakita ng parehong mataas na antas ng performans, at walang bahaging nagpakita ng statistically significant na pagkakaiba.

Batay sa isinagawang multiple regression analysis, ipinapakita sa Regression Statistics na ang Multiple R na 0.58362 ay nagpapakita ng katamtamang antas ng ugnayan sa pagitan ng mga malayang baryabol (X1–X11) at ng di-malayang baryabol. Samantala, ang R Square na 0.34061 ay nangangahulugang humigit-kumulang 34.06% ng pagbabago sa di-malayang baryabol ay naipapaliwanag ng mga isinamang independiyenteng baryabol sa modelo, habang ang natitirang 65.94% ay maaaring dulot ng ibang salik na hindi kabilang sa pag-aaral.

Ang Adjusted R Square na 0.12081 ay nagpapakita na kapag isinasaalang-alang ang dami ng mga baryabol at bilang ng mga tagatugon, humigit-kumulang 12.08% lamang ng baryasyon sa di-malayang baryabol ang tunay na

naipapaliwanag ng modelo. Ipinahihiwatig nito na may limitadong kakayahan ang modelo sa pagpapaliwanag ng kabuuang pagbabago ng di-malayang baryabol.

Sa ANOVA, ang nakuha na F value na 1.54964 na may Significance F na 0.16085 ay mas mataas kaysa sa antak ng kabuluhan na 0.05. Ipinapahiwatig nito na walang makabuluhang epekto ang pinagsama-samang mga malayang baryabol sa di-malayang baryabol. Samakatuwid, hindi tinatanggap ang alternatibong haypotesis at nananatili ang null hypothesis na walang makabuluhang ugnayan ang mga baryabol kapag pinagsama-sama.

Gayunpaman, sa pagsusuri ng indibidwal na kontribusyon ng bawat baryabol, lumitaw na may ilang baryabol na may makabuluhang epekto. Ang X Variable 1 ay may p-value na 0.03874 na mas mababa sa 0.05, kaya ito ay may makabuluhang epekto sa di-malayang baryabol at may negatibong koepisyente (-2.066), na nangangahulugang habang tumataas ang X Variable 1 ay may tendensiyang bumaba ang halaga ng di-malayang baryabol.

Gayundin, ang X Variable 3 ay may p-value na 0.01167 na mas mababa sa 0.05, na nagpapakita na ito ay may makabuluhang positibong epekto sa di-malayang baryabol. Ipinapahiwatig ng koepisyenteng 2.05531 na sa bawat pagtaas ng isang yunit sa X Variable 3 ay inaasahang tataas din ang di-malayang baryabol ng humigit-kumulang 2.06 na yunit.

Samantala, ang iba pang baryabol (X2, X4, X5, X6, X7, X8, X9, X10, at X11) ay may p-value na mas mataas sa 0.05, kaya walang makabuluhang epekto ang mga ito sa di-malayang baryabol batay sa isinagawang pagsusuri.

Sa kabuuan, bagama't may ilang baryabol na nagpapakita ng makabuluhang epekto kapag sinusuri nang paisa-isa, ang kabuuang regression model ay hindi nagpakita ng makabuluhang resulta sa antas na 0.05.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang konklusyon ng pag-aaral na ito ay naglalayong ipakita ang kabuuang epekto at kahalagahan ng Salinayan bilang kagamitang panturo sa pagsasaling-wika at kaalamang gramatikal ng mga mag-aaral, batay sa pagsusuri ng kanilang pagganap at karanasan sa paggamit ng materyal.

Batay sa isinagawang pag-aaral hinggil sa Pagpapalawig ng Kasanayan sa Pagsasaling-wika Tungo sa Kaalamang Gramatikal, napatunayan na may mahalagang papel ang paggamit ng Salinayan at pagsasaling-wika sa paglinang ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral.

Sa unang haypotesis, lumitaw sa pag-aaral ay hindi tinanggap. Ipinakita ng datos na ang paggamit ng Salinayan at aktibong pagsasaling-wika ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalin, kabilang ang katumpakan, pagkamalikhain, at pag-unawa sa kahalagahang semantiko. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing nakapaloob sa Salinayan ay nakatutulong sa mas epektibong paglinang ng kasanayan sa pagsasaling-wika.

Sa ikalawang haypotesis, ipinakita rin ng ay hindi tinanggap. Natuklasan na ang patuloy na pagsasaling-wika ay nagiging mabisang paraan upang mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa gramatika, gaya ng wastong estruktura ng pangungusap, paggamit ng salita, at estilo sa pagsulat. Ipinapakita nito na ang pagsasaling-wika ay hindi lamang kasanayang linggwistiko kundi mahalagang proseso rin sa pagpapalawak ng kaalamang gramatikal.

Sa ikatlong haypotesis, ipinakita ng pag-aaral ay tinanggap. Batay sa pagsusuri gamit ang ANOVA, lumabas na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral ay nanatiling magkakatulad sa iba't ibang bahagi ng Salinayan at walang naitalang estadistikang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang mga marka. Ipinahihiwatig nito na ang kanilang performans ay matatag at hindi gaanong naapektuhan ng pagkakaiba-iba ng bahagi ng materyal.Ipinahihiwatig nito na bagama't mataas ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral, hindi ito tuwirang nagbago o naimpluwensiyahan ng mga partikular na bahagi ng materyal.

Gayunpaman, ipinakita rin ng mga resulta ng pag-aaral na ang Salinayan ay isang mabisa at kapaki-pakinabang na kagamitang panturo sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika at kaalamang gramatikal. Sa pamamagitan ng mga paliwanag, halimbawa, at mga pagsasanay na nakapaloob sa materyal, nagkaroon ng mas malinaw na pag-unawa ang mga mag-aaral sa wastong pagsasalin ng teksto at sa paggamit ng tamang estruktura ng wika. Ang sistematikong paglalatag ng nilalaman ng Salinayan ay nagsilbing gabay upang mapahusay ang kanilang kakayahang magpahayag ng ideya sa paraang malinaw, organisado, at may wastong gramatika.

Sa kabuuan, bagama't hindi napatunayang may makabuluhang epekto ang Salinayan sa performans ng mga mag-aaral batay sa estadistikal na pagsusuri, malinaw na nakatutulong pa rin ang materyal sa pagpapalalim ng kanilang kaalaman at kasanayan sa pagsasaling-wika. Dahil dito, maaaring ituring ang Salinayan bilang isang mahalagang kagamitang panturo na maaaring patuloy pang paunlarin upang higit na mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wika at gramatika.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga kasagutan at konklusyon, ang mgasumusunod ang ibinigay na rekomendasyon:

Hinihikayat ang mga Mag-aaral na patuloy na gamitin at pag-aralan ang
mga gawaing nakapaloob sa Salinayan upang higit pang mapalawak ang kanilang kaalaman sa pagsasaling-wika at mapaunlad ang kanilang kakayahan sa wastong paggamit ng gramatika. Sa pamamagitan ng regular na pagsasanay sa pagsasalin at pagbuo ng pangungusap, mas mapapalalim ang kanilang pag-unawa sa estruktura ng wika at malinang ang kanilang kasanayang linggwistiko.

Inirerekomenda na gamitin ng mga Guro ang Salinayan bilang karagdagang kagamitang panturo sa pagtuturo ng pagsasaling-wika at gramatika. Maaari itong magsilbing gabay sa pagdidisenyo ng mga gawain at estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at wastong pagpapahayag ng ideya sa pamamagitan ng wika.

Maaaring gamitin ng pamunuan ng paaralan ang mga resulta ng pag-aaral na ito bilang batayan sa pagbuo ng mga programang pang-akademiko, seminar, o pagsasanay na nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika at gramatika ng mga mag-aaral at guro. Makakatulong ito upang higit na mapalakas ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa kanilang institusyon.

Inirerekomenda sa mga susunod na mananaliksik na magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral hinggil sa

pagsasaling-wika at kaalamang gramatikal gamit ang mas malawak na saklaw ng mga tagatugon o ibang antas ng mag-aaral. Maaari rin nilang pag-aralan ang iba pang estratehiya o kagamitang panturo na makatutulong sa higit pang pagpapalawak ng kasanayan sa pagsasalin at paglinang ng kaalamang panggramatika.

## SANGGUNIAN

*Nida, E. (2018). Language and Culture. Harold P. Lutz Press.*